FORM 10
BATAS SA ELEKSYON NG
LOKAL NA AWTORIDAD (SEKSYON 45)

Edmonton Elections

Mga Tagubilin para sa Mga Boboto

Paano Mamarkahan ang Balota

Para bumoto, gamitin ang inilaang panulat, punan ang oval na pinili mo, tulad nito:



Upang Bumoto

Markahan ang bawat balota sa pamamagitan ng pagpuno sa bilog na nasa kanang bahagi, katapat ng pangalan ng (mga) kandidatong pinili mo. Ipapakita ng balota ang pinakamaraming bilang ng mga kandidatong maaaring iboto sa bawat race. Maaari kang bumoto nang mas kaunti sa ipinakitang maximum na bilang para sa bawat race, **pero hindi ka maaaring bumoto nang higit sa bilang na ito**.

Balota sa Tanong para sa Referendum

Halimbawang isang balota ito para sa ipapasang batas o tanong, markahan ang balota sa pamamagitan ng pagpuno sa bilog na katapat ng alinman sa “Oo” o “Hindi”.

Ipasok ang bawat isa sa iyong mga balota sa isang hiwalay na sikretong sleeve para itago ang iyong mga minarkahan at sa paraan na makikita ang mga inisyal ng deputy na nag-isyu ng (mga) balota.

Pagkatapos Markahan ang Iyong (mga) Balota

Dalhin ang (mga) balota sa deputy na siyang nangangasiwa ng voting tabulator. Pagkatapos i-verify ng deputy ang mga inisyal sa (mga) balota, tutulungan ka naman niyang ideposito ang balota sa voting tabulator at sa ballot box.

(Mga) Hindi Magagamit na Balota

Kung nagkamali ka sa pagmarka ng iyong balota, o nabago mo ang hitsura nito sa anumang paraan, maaari mo itong ibalik at makakakuha ka ng kapalit mula sa deputy na nagbigay nito sa iyo.

Kung nasira o nabago ang hitsura ng balota, o may nagawa ang botante na maaaring magpakilala sa kaniya sa balota, tatanggihan ang balota at hindi na bibilangin.

Isang beses lang maaaring bumoto ang isang tao

Labag sa batas ang pagbitbit ng balota sa labas ng isang voting station